

Modyular na Pagtuturo at Akademik Performans ng mga Mag-Aaral sa Filipino 10, Pampublikong Paaralan, Distrito ng Catigbian, Bohol

DIANE T. PONGASE 

Department of Education, Mantacida National High School,
Mantacida, Catigbian, Bohol

Corresponding Author: dianepongase6894@gmail.com

ABSTRAK

Article History

Submission: November 22, 2023

Revised: January 19, 2024

Accepted: March 5, 2024

Publication: April 2024

Keywords— modyular, akademik performans, pagtuturo, estratehiya

Ang pag-aaral na ito ay may pangunahing layunin na suriin ang antas ng kahusayan ng modyular na pagtuturo batay sa persepsyon ng mga mag-aaral sa Filipino 10 at sukatin ang kanilang akademikong performans sa asignaturang ito sa Distrito ng Catigbian, Bohol, Taong Panuruan 2021–2022. Gamit ang Transactional Distance Theory (1997) bilang batayan, sinuri ang kahusayan ng modyular na pagtuturo sa apat na dimensyon: Nilalaman ng Module, Gabay sa Pagtuturo, Gabay sa Pagkatuto, at Pagtataya at Feedback. Ang pag-aaral ay binuo ng 192 respondente na napili sa pamamagitan ng random sampling. Natuklasan sa pamamagitan ng weighted mean na may positibong pananaw ang mga mag-aaral sa kahusayan ng modyular na pagtuturo, na may grand mean na 4.26, na itinuturing na “napakataas.” Gayunpaman, mababa ang akademikong performans ng mga mag-aaral sa Filipino 10, na may average iskor na 35.03 sa dalawang pagtataya, na nagpapahiwatig ng ilang hamon sa aktwal na pagkatuto. Ang mga resulta ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng edad at akademikong performans, samantalang walang epekto ang kasarian sa akademikong resulta. Walang makabuluhang pagkakaiba sa persepsyon



© Liza Estoria-Maquiling and Leah Wilfreda E. Pilongo (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: <https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/>

at akademik performans sa pagitan ng mga lalake at babae, at magkatulad ang kanilang resulta sa una at ikalawang pagtataya. Ang mga natuklasan ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mga guro na magpatupad ng mas masusing gabay at alternatibong istrateliya sa pagtuturo upang matiyak ang epektibong paggamit ng mga module. Iminumungkahi rin ng pag-aaral ang pagrepaso sa mga nilalaman ng module at pagpapabuti ng feedback at interbensyon sa pagkatuto, na maaaring magdulot ng pagtaas sa akademikong performans ng mga mag-aaral sa Filipino 10.

INTRODUKSYON

Ang pagkatuto ay isang panghabambuhay na proseso at pagtuklas ng mga bagong kaisipan tungo sa karunungan. Ito ay isang mahalagang pundasyon ng kahusayan, kaalaman, at pakikitungo sa kapwa. Ito rin ay isang salik sa paglinang ng isang magandang adhikain sa alin mang larangan sa buhay ng isang mag-aaral. Sa katunayan, kung gaano karami ang kaalaman ang nais makamtan ay ganoon din ang nais matutuhan ng isang tao. Samakatuwid, walang hangganan ang pagkatuto, dahil ang pagtamo ng dekalidad na edukasyon ay natutuhan sa pamamagitan ng masusing pag-aaral at hindi basta pinulot lamang sa daan.

Sa kabilang dako, may mga suliranin ukol sa kakahayang pampagkatuto na hindi nabigyan ng kaakibat na solusyon hanggang sa kasalukuyan, lalunglalo na sa asignaturang Filipino. Kadalasang napapansin ng mananaliksik na nahihirapan ang mga mag-aaral dahil hindi pa gaanong magaling ang mga ito sa pag-unawa ng mga malalalim na salitang Pilipino. Kalimitan, mas madaling matutuhan ng mga batang mag-aaral ang wikang Ingles kaysa sa sariling atin. Isa ito sa mga dahilan kung bakit mas maraming mga bata ang nawiwiling magsalita gamit ang wikang banyaga, higit pa sa katutubong wika. Gayunpaman, ang paglinang sa kakahayan ng isang Pilipinong mag-aaral gamit ang sariling wika ay dapat isaalang-alang upang kultura ay paigtingin at pagyamanin.

Sa kasalukuyan, nananatili ang sambayanang Pilipino sa pakikibaka at pakikipaglaban sa pinsalang dulot ng Covid-19. Ang biglaang pagkaantala ng pasukan sa mga paaralan ay isa sa mga pangunahing sanhi kung bakit maraming kabataan ang nagkulang ng atensyon sa kanilang pag-aaral. Kadalasan, inaasa lamang sa mga magulang ang mga gawaing pampaaralan. Ang kakulangan ng makabagong teknolohiya, tulad ng mobile phones at ibang mga gadgets at koneksyon sa internet ay isa rin sa mga pangunahing suliranin na kinakaharap ng Kagawaran ng Edukasyon sa kasalukuyan. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng dekalidad na edukasyon sa gitna ng pandemya ay nananatiling isang malaking palaisipan ng mga nakararami. Bagkus, ang pagsasagawa ng isang pananaliksik na may kaugnayan sa sarisaring pananaw ng mga mag-aaral ukol sa modyular na pagtuturo ay isang magandang hakbang sa larangan ng edukasyon.

Dahil dito, nilayon ng pag-aaral na ito na sukatin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pagpapatupad ng modular distance learning (MDL) sa pampublikong paaralan. Isa rin sa mga layunin ng pananaliksik na ito ang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng persepyon ng mga mag-aaral at ang kanilang akademik performans sa Filipino 10 sa taong panuruan 2021-2022. Saklaw ng pag-aaral na ito ang apat na pampublikong paaralan ng Distrito ng Catigbian, Bohol. Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay nagsilbing batayan sa kaparaanang pampagpabuti upang higit na pagyamanin ang kakayahang pampagkatuto sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 10.

BATAYANG TEORITIKAL

Nakasaad sa **Transactional Distance Theory ni Moore (1997)** na ang konseptong “transaksiyonal” ay hango sa di pagkakaroon ng direktang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Dahil dito di maiiwasang magkaroon ng kakulangan sa komunikasyon at sa mahahalagang aspekto sa pagkatuto. Saklaw ng teoryang ito ag tatlong klaster ng mga baryabol na maaaring makaimpluwensiya sa pagakatuto ng mga mag-aaral: diyalogo, daluyan ng pagtuturo, at awtonomiya ng mag-aaral (Bornt, 2011). Batay sa konsepto ng nabanggit na teorya, ang mananaliksik ay naniniwala na karamihan sa mga mag-aaral ay nawalan ng sapat na pokus sa kanilang pag-aaral sa pagpapatupad ng modyular na pagtuturo. Gayunpaman, kinakailangang matugunan ng angkop na hakbang ang iba’t-ibang suliranin na kinakaharap ng maraming kabataan sa bagong sistema ng edukasyon.

Ito ay may kaugnayan sa **Cognitive Development Theory (Piaget 1936)** na nagsasabing ang pag-unlad ng kognitibo ay nagbabago habang umuusad ang edad ng isang tao. Sa pag-unlad ng kognitibo hindi lamang pagkatuto ang maaring makamtan, kalakip na rin dito ang kakayahang umunawa sa mga nangyayari sa paligid batay sa sarling kamalayan. Pinabulaanan din ni Piaget na ang kapaligiran ay isa sa mga aspekto na maaaring makaimpluwensiya sa kognitibong pag-unlad (McLeod, 2020). Sa pag-aaral na ito, naniniwala ang mananaliksik na ang bawat mag-aaral ay may kakayahang paunlarin ang kanilang akademik performans sa Filipino 10 at sa iba pang mga asignatura kung buo ang kanilang loob na matuto sa modyular na paraan.

Iminungkahi ng **Cognitive Load Theory (John Sweller 1988)** na ang utak ay may limitadong kakayahan sa pagkalap ng panibagong impormasyon. Kalimitang nagkakaroon ng pagkaantala sa pagkatuto o pag-unawa ng isang aralin kung ang mag-aaral ay masyadong abala sa pagkalap ng impormasyon upang matuto. Ayon sa teorya, mahalaga ang konsepto ng teoryang ito sa larangan ng pagtuturo at maaari itong gamitin bilang gabay sa pagbibigay ng mga aralin para sa mga mag-aaral. Saklaw ng Cognitive Load Theory ang tatlong uri ng cognitive load: (1) Intrinsic cognitive load; (2) Extraneous cognitive load; and (3) Germane cognitive load (Shibli and West, 2018).

Bilang isang guro, mas mahalagang alamin ang kahinaang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Bagama't wikang Filipino ang gamit sa pagtuturo sa asignaturang ito, kalimitan sa mga mag-aaral ay nakakuha lamang ng iskor na mas mababa sa inaasahan. Dahil dito, iminungkahi ng mananaliksik na isaalang-alang ang kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral upang sila ay di gaanong mahirapan sa pagsusulit at sa iba pang aralin sa Filipino 10.

Ayon sa mga manunulat ng Boise State University (2013), kinakailangan ang angkop na kakayahan ng isang guro sa pagtuturo gamit ang modyular na paraan. Para sa mas mabisang paraan ng pagtuturo, ang self-learning modules na gagamitin sa mga mag-aaral ay kailangang nagtataglay ng sumusunod: Pangkalahatang Ideya, Mga Layunin sa Pag-aaral, Susing Salita at Konsepto, Karagdagang Learning Resources, Mga Pagtataya, at Buod at Pagninilay.

Sa paglaganap ng Covid-19, naniniwala ang karamihan na kalimitan ang mga guro ay di pa handa sa pagkakaroon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon dito sa Pilipinas. Marahil ang nakasanayang tradisyonal na pagtuturo ay isa sa mga sanhi kung bakit karamihan sa ating mga guro ay naninibago at naging malaking hamon para sa kanila ang pagpapatupad ng modular distance learning (MDL). Ang ganitong usapin ay hindi lamang nangyayari sa loob ng ating bansa. Kahit sa Estados Unidos, ang tinaguriang pinakamayama't makapangyarihang bansa sa buong daigdig ay nakaranas din ng mga suliranin sa edukasyon dulot ng Covid-19.

Sa pagbukas ng klase simula taong panuruan 2020-2021, naging mapagmasid lalo na ang mga magulang tungkol sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Higit pa rito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpahayag ng sari-saring pananaw tungkol sa kalalabasan ng bagong sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa unang taon ng pagpapatupad ng modular distance learning (MDL), karamihan sa mga magulang ay naging abala para sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Subalit, may kinalaman ang konteksto o nilalaman ng self-learning modules tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kay Kaufman (2020), may mga pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral sa modyular na paraan ng pagtuturo, sa pamamagitan ng sumusunod:

Ayon sa pahayag ng Victoria State Government (2019), ang pagtataya at feedback ay mahalaga tungo sa masusing pagtuturo. Ang pagbibigay ng feedback ay bilang pagtugon sa performans at kaugalian ng isang mag-aaral na matuto, lalung-lao na sa modyular na paraan ng pagtuturo. Sa pagtataya at feedbacking, mas maging makatotohanan para sa mga guro ang gumawa nga mga hakbang upang paunlarin ang kakayahang pampagkatuto ng bawat mag-aaral.

Ayon kay Bell (2018), ang akademik performans ng mag-aaral ay nasusukat gamit ang iba't-ibang batayan. Subalit, gamit ang tradisyonal na konsepto, ito ang kabuuang antas ng performans ng isang mag-aaral mula sa kanyang iskor sa mga pagtataya, pagtugon sa mga takdang aralin at performans tasks na kinakailangan sa isang asignatura. Sa pag-aaral na ito, naniniwala ang

mananaliksisk na ang kahalagahan ng asignaturang Filipino ay makakatulong upang mas maging malawak ang kaalaman sa pagsusulat at pagbabasa lalong-lao na sa pakikipagsangguni upang alamin ang kulturang Pilipino.

Batid ng mananaliksik bilang isang guro sa asignaturang Filipino ang kawalan ng pokus ng karamihan sa mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kakayahan upang higit na matutong magsulat gamit ang tamang pagkakabuklod ng mga angkop na salita. Dahil dito, kanyang sinag-ayonan ang mga mahalagang mungkahi ni Anderson (2020) sa pagpapaunlad ng akademik performans ng mga mag-aaral. Unang-una, mahalagang matukoy ng isang mag-aaral ang paraan upang malagpasan ang mga hamon sa kanyang pag-aaral. Pangalawa, kinakailangan ng isang mag-aaral ang gumawa ng talatandaan sa mga araling kanyang natutuhan, at pangatlo, ugaliing mag-aral ng masinsinan sa araw-araw kung kinakailangan. Ayon kay Regier (2011), ang pagkakaroon ng magandang marka ay nagdudulot ng mataas na kumpiyansa sa sarili. Bukod dito, ang pagkakaroon ng mataas na kumpiyansa sa sarili ay nagdudulot ng positibong enerhiya sa pagkamit ng mga mithiin sa buhay. Samakatuwid, ang akademik performans ay may makabuluhang ugnayan sa tagumpay ng isang indibidwal.

Sa isang pag-aaral na ginanap sa Abuja, Nigeria, na may pamagat na "Impact of Age on the Academic Performance of Students," natuklasan ni Championz (2018) na ang edad ay may makabuluhang kaugnayan sa akademik performans ng mga mag-aaral sa naturang pook. Subalit ang edad at pagganyak upang matuto ay walang kinalaman sa isa't-isa. Upang higit na mapaunlad ang akademik performans ng mga mag-aaral, hinikayat ang mga guro, mga magulang, maga tagapangasiwa ng paaralan, at ang lipunan sa pakikibaka sa isang matuwid na hakbangin.

Subalit, natuklasan sa pag-aaral ni Capinding (2021) na may pamagat na "Academic Performance Among Minority Students in Dingalan National High School," na hindi apektado ng edad, kasarian, at kapaligiran ng edukasyon ang antas ng akademik performans ng mga mag-aaral ng Dingalan National High School sa lalawigan ng Nueva Ecija sa Gitnang Luzon. Ibig sabihin, walang kinalaman ang gulang, kasarian, at lokasyon ng paaralan sa akademik performans ng mga mag-aaral sa nabanggit na pampublikong paaralan na pangsekondarya.

Sa isang pag-aaral na ginanap sa Mindanao State University na may pamagat na "Effect of Modular Distance Learning Approach to Academic Performance in Mathematics of Students in Mindanao State University Sulu Senior High School Amidst Covid-19 Pandemic," natuklasan ni Aksan (2021) na karamihan sa mga Senior High School na mag-aaral sa STEM ay may positibong persepsyon sa paggamit ng self-learning modules sa asignaturang Matematika. Subalit, walang makabuluhang pag-uugnay sa pagitan ng persepyon at akademik performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Matematika. Hinggil dito, iminungkahi na kinakailangang magsagawa ng malalimang imbestigasyon patungkol dito.

Kamakailan natuklasan ni Betlen (2021) matapos niyang maisagawa ang pag-aaral na pinamagatang “Effect of Modular Learning Approach on the Academic Achievements of Students,” na ang paggamit ng self-learning modules ay nakatulong sa pag-unlad ng akademik performans ng mga mag-aaral sa Unibersidad ng Rizal System. Ayon sa mananaliksik, nagkaroon ng pag-angat sa antas ng akademik performans sa English, Mathematics, at Science. Inirekemondaang patuloy na paggamit ng mga modules tungo sa mas malawakang pagsusuri sa epekto nito sa pag-aaral.

METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibo-kwantitatibong pag-aaral na may layuning ilarawan ang persepsyon ng mga mag-aaral sa Filipino 10 hinggil sa modyular na pagtuturo at kanilang akademikong performans sa mga pampublikong paaralan ng Catigbian District, Bohol. Ang mga respondente ay 192 mag-aaral na napili sa pamamagitan ng random sampling, habang ang datos ay nakalap gamit ang survey questionnaire batay sa Transactional Distance Theory ni Moore (1997). Ang survey ay nakatuon sa apat na dimensyon ng modyular na pagtuturo: nilalaman ng module, gabay sa pagtuturo, gabay sa pagkatuto, at pagtataya at feedback. Para sa pagsusuri, gumamit ang mananaliksik ng iba’t ibang estadistikal na pamamaraan tulad ng percentage at weighted mean upang ilarawan ang mga demograpikong katangian ng mga mag-aaral, antas ng pagsang-ayon, at antas ng akademikong performans. Isinagawa ang Chi-square Test upang matukoy ang pag-uugnay sa pagitan ng propayl at akademikong performans, habang ang Spearman’s Rank Correlation Coefficient ay ginamit upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng persepsyon sa modyular na pagtuturo at akademikong performans. Ang Mann-Whitney U Test at Wilcoxon Signed Ranks Test naman ay isinagawa upang makita ang pagkakaiba sa antas ng pagsang-ayon at akademikong performans sa pagitan ng mga kasarian at pagtataya. Ang kabuuang proseso ay sinang-ayunan ng University of Bohol Research Ethics Committee at isinagawa nang naayon sa health protocols gamit ang Google Forms para sa online data collection.

RESULTA AT TALAKAYAN

Batay sa inilahad na mga datos, ang mga mag-aaral na may gulang 15 hanggang 16 na taong gulang ay may bilang na 169. 88.02% sa kabuuang dami ng mga respondente. Sinundan ito ng mga mag-aaral na 17 hanggang 18 na taong gulang na may bilang na 17 at binubuo ng 8.85% sa kabuuang dami ng mga respondente. Samantala, 6 lamang sa mga mag-aaral ang may gulang na 19 taong gulang at pataas at ito ay bumubuo ng 3.13% sa kabuuang dami ng mga respondente. Ang mga datos ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral sa Filipino 10 ay may edad 15 hanggang 16 taong gulang.

Samakatuwid, ito rin ay nangangahulugan na karamihan sa mga respondente sa pananaliksik na ito ay nagsimulang mag-aral sa elementarya sa gulang na 6 hanggang 7 taong gulang. Karagdagang implikasyon ay nagpapahiwatig na kalimitan sa mga mag-aaral sa Filipino 10 sa pampublikong paaralan sa Distrito ng Catigbian, Bohol, ay nasubaybayan ng maayos ng mga magulang sa kanilang pag-aaral dahil limitado ang bilang ng mga respondente na lumagpas sa angkop na gulang para sa isang mag-aaral sa Grade 10.

Batay sa inilalahad na mga datos, ang bilang ng mga babaeng mag-aaral na lumakok sa pananaliksik na ito ay 115 at ito ay kumakatawan ng 59.90% sa kabuuang dami ng mga respondente. Samantala, ang bilang ng mga lalakeng mag-aaral ay 77 lamang at ito ay kumakatawan ng 40.10% sa kabuuang bilang ng mga respondente. Ang mga datos ay nangangahulugan na mas maraming babaeng mag-aaral sa Filipino 10 ang lumahok sa pananaliksik na ito kaysa sa mga lalaki sa kadahilanang nakahihigit ng 38 na mag-aaral na babae kaysa sa mga lalake ang lumahok sa pagsagot sa sarbey kwestyuneyr at lumahok din sa una at pangalawang pagsusulit sa Filipino 10 upang sukatin ang atas kahusayan ng modyular na pagtuturo at kanilang akademik performans sa gitna ng pandemyang Covid-19. Samakatuwid, ito rin ay nangangahulugang nakahihigit ng 19.80% ang mga babae kaysa sa mga lalake sa kabuuang dami ng mga respondente. Ang mga datos ay nagpapahiwatig din na karamihan sa mga mag-aaral sa Grade 10 sa pampublikong sekundaryang paaralan sa Distrito ng Catigbian, Bohol, Taong Panuruan 2021-2022 ay mga babae.

Ang pang-anim na pahayag ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.35 na may deskripsiyon na "Napakahusay." Subalit, ang pampitong pahayag ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.07 na may deskripsiyon na "Mas Mahusay." Sa kabuuan, and dimensyon para sa **Nilalaman ng Module**, ay nakakuha ng composite mean na 4.21 at may katumbas na deskripsiyon na "Napakahusay," Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga nilalaman ng module sa Filipino 10 ay naging napakahusay na elemento ng pagtuturo gamit ang modyular na paraan sa gitna ng pandemyang Covid-19. Sa usaping ito, ang mga natuklasan batay sa nakalap na mga datos ay sumasang-ayon sa pahayag ng mga manunulat mula sa Boise State University (2013) na matatagpuan sa estado ng Idaho, Estados Unidos, Phoenix, na kinakailangan ang angkop na kakayahan ng isang guro sa pagtuturo gamit ang modyular na paraan. Para sa mas mabisang paraan ng pagtuturo, ang self-learning modules na gagamitin sa mga mag-aaral ay kailangang nagtataglay ng pangkalahatang ideya at mga layunin sa pag-aaral.

Ang pangalwang pahayag ay nakakuha ng pinakamataas na wiehgted mean na 4.43 at may deskripsiyon na "Napakahusay." Sa kabilang dako, ang pampitong pahayag ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.13 at may deskripsiyon na "Mas Mahusay." Sa kabuuan, ang dimensyon para sa **"Gabay sa Pagtuturo,"** ay nakakuha ng composite mean na 4.26 at may katumbas na deskripsiyon na "Napakahusay," Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na naipamalas ng mga guro ang kanilang kahusayan sa

paggabay ng mga mag-aaral sa pagtuturo sa Filipino 10 gamit ang modyular na paraan. Ginamit din ng mga guro ang iba't ibang modaliti at pamamaraan sa pagtuturo tulad ng pagbisita sa bahay bilang pagpapatnubay sa mga mag-aaral. Sa usaping ito, ang mga natuklasan ay sumasalungat sa pahayag ni Torres (2020) na ang kawalan ng programa bilang paghahanda sa pagbabago ng sistema ng edukasyon ay isa sa mga pangunahing balakid na kinakaharap ng bansang Pilipinas magpahanggang ngayon.

Ang una at huling pahayag ay kapwa nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.35. Subalit, ang pang-apat at pag-anim na pahayag ay kapwa nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.21 na may parehong deskripsiyon na "Napakahusay." Sa kabuuan, ang dimensyon para sa **Gabay sa Pagkatuto**, ay nakakuha ng composite mean na 4.28 at may katumbas na deskripsiyon na "Napakahusay," Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na naipamalas ng mga guro ang kanilang kahusayan sa paggabay ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa Filipino 10 gamit ang modyular na instruksiyon. Sa usaping ito, ang mga natuklasan ay maiuugnay sa iminungkahi ng isang Amerikanong manunulat na si Kaufman (2020) na ang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral sa pagbuo ng mga makabagong paraan sa pagkatuto ay isang mabisang hakbang ng pagtuturo gamit ang modyular na instruksiyon.

Ang huling pahayag ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.38 na may deskripsiyon na "Napakahusay" at ang pang-anim na pahayag ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.18 na may deskripsiyon na "Mas Mahusay." Sa kabuuan, ang dimensyon para sa **Pagtataya at Feedback**, ay nakakuha ng composite mean na 4.28 at may katumbas na deskripsiyon na "Napakahusay," Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na naipamalas ng mga guro ang angking kahusayan sa pasasagawa ng mga pagtataya at feedback. Ang mga nabuong pagtataya at ang isinasagawang feedback ng mga guro ay angkop sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral bilang mga malikhaing tagaganap na may kaalaman sa halip na tagakopya at taga-ulit ng ideya at konsepto gawa ng ibang tao. Sa usaping ito, ang mga natuklasan ay maiuugnay sa pahayag ng Victoria State Government (2019) ng bansang Australya na ang pagtataya at feedback ay mahalaga tungo sa masusing pagtuturo. Alinsunod nito, ang pagbibigay ng feedback ay bilang pagtugon sa performans at kaugalian ng isang mag-aaral na matuto, lalung-lalo na sa modyular na paraan ng pagtuturo.

Inilalahad na ang dimensyon sa **Gabay sa Pagkatuto at Pagtataya at Feedback** ay parehong nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.28 at may katumbas na deskripsiyon na **Napakahusay**. Bagkus, ang dimensyon sa **Nilalaman ng Module** ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 4.21 at may katumbas na parehong deskripsiyon. Batay sa masusing pagsusuri ng mga datos, ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may positibong persepsyon tungkol sa modyular na paraan ng pagtuturo sa Filipino 10.

Inilalahad na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 35 puntos pababa at ito ay kumakatawan ng 41.67% sa kabuuang bilang ng mga

respondente. Samantala, iilan lamang sa mga mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 51 hanggang 60 puntos at ito ay kumakatawan ng 7.29% sa kabuuang bilang ng mga respondente. Samakatuwid, ang pangkalahatang iskor na 35.21 ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral ay nagpamalas ng napakababang akademik performans sa unang pagtataya sa Filipino 10.

Binigyang-diin na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 35 puntos pababa at ito ay kumakatawan ng 42.19% sa kabuuang bilang ng mga respondente. Samantala, limang (5) mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 51 hanggang 60 puntos at ito ay kumakatawan ng 2.60% sa kabuuang bilang ng mga respondente. Samakatuwid, ang pangkalahatang iskor na 34.84 ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral ay nagpamalas din ng napakababang akademik performans sa ikalawang pagtataya at ito ay bahagyang mas mababa sa pangkalahatang iskor sa unang pagtataya sa Filipino 10. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay sumasalungat sa pag-aaral ni Betlen (2021) na kung saan ang paggamit ng self-learning modules ay nakatulong sa pag-unlad ng akademik performans sa English, Mathematics, at Science ng mga mag-aaral sa Unibersidad ng Rizal System.

Ang kinalabasang average iskor na 35.03 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpamalas ng napakababang akademik performans sa dalawang pagtataya sa Filipino 10. Ito rin ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral ay may mahinang retensyon lalung-lalo na wala silang mapagtatanungang guro tungkol sa mga aralin na hindi na nila masyadong naunawaan. Ang pahayag na ito ay maiuugnay sa konsepto ng Cognitive Load Theory ni Sweller (1988) na nagmungkahi na ang utak ay may limitadong kakayahan sa pagkalap ng panibagong impormasyon.

Batay sa resulta sa makabuluhang antas ng ugnayan sa pagitan ng gulang at akademik performans, ang nakalkulang p-value na .003 ay mas mababa sa 0.05 na antas ng kahbuluhan at ito ay nangangahulugan na tanggihan ang haypotesis. Ang resultang istatistikal ay nagangahulugan na ang gulang ng mga mag-aaral ay may makabuluhang pag-uugnay sa kanilang akademik performans. Samakatuwid, may kinalaman ang edad sa iskor ng mga mag-aaral sa una at pangalawang pagtataya sa Filipino 10. Ang pag-aaral na ito ay sumasalungat sa pag-aaral ni Capinding (2021). Batay sa kanyang mga natuklasan, hindi apektado ng edad, kasarian, at kapaligiran ng edukasyon ang antas ng akademik performans ng mga mag-aaral ng Dingalan National High School na matatagpuan sa lalawigan ng Nueva Ecija, Gitnang Luzon.

Sa kabilang dako, ang nakalkulang p-value na .301 ay mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan at ito ay nangangahulugan na tanggapin ang haypotesis. Ang resultang istatistikal ay nagangahulugan na ang kasarian ng mga mag-aaral ay walang makabuluhang pag-uugnay sa kanilang akademik performans. Samakatuwid, hindi apektado ng pagiging lalake o babae ang iskor ng mga mag-aaral sa una at pangalawang pagtataya sa Filipino 10. Ito ay sinang-ayonan ni Championz (2018) nang kanyang matuklasan na ang edad ay walang kinalaman sa akademik performans sa pampublikong sekundaryang

paaralan sa Lungsod ng Abuja, Nigeria. Ang nakalkulang p-value na .955 ay mas mataas sa 0.05 na antas ng kabuluhan at ito ay nangangahulugan na tanggapin ang haypotesis. Ang resultang istatistikal ay nagpapahiwatig na ang perspeyon ng mga mag-aaral sa kahusayan ng modyular na pagtuturo ay walang epkto sa kanilang akademik performans sa Filipino 10. Dahil dito, ang kasalukuyang pag-aaral ay sumasang-ayon sa mga natuklasan ni Aksan (2021). Aniya, karamihan sa mga mag-aaral na Senior High School-STEM ng Mindanao State University-Sulu, ay may positibong persepsyon sa paggamit ng self-learning modules sa Matematika. Subalit, napag-alaman na walang makabuluhang pag-uugnay sa persepyon at akademik performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Matematika.

Ang mga nakalkulang p-value na .419, .978, at .485 ay mas mataas sa 0.05 na antas ng kabuluhan at ito ay nangangahulugan na tanggapin angbawat haypotesis. Ito ay nagpapahiwatig na walang pagkakaiba sa persepsyon ng mga lalaki at babaeng mag-aaral sa kahusayan ng modyular na pagtuturo. Wala ring pagkakaiba sa antas ng akademik performans sa pagitan ng lalaki at babaeng mag-aaral at wala ring pagakakaiba sa antas ng akademik performans sa pagitan ng una at ikalawang pagtataya. Salungat ang mga natuklasan ni Rodriquez et al. (2020) nang kanilang napag-alaman na may bahagyang kalamangan sa antas ng pagiging positibo ang mga lalaki kaysa mga babae sa modyular na pagtuturo sa Matematika sa piling mga paaralan sa Espanya. Salungat rin ang pag-aaral nina Mejia-Rodriguez et al. (2020) nang kanilang natuklasan na mas magaling ang mga lalaking mag-aaral sa asignaturang Matematika kaysa sa mga babae. Subalit, sumang-ayon ang pag-aaral ni Ramos at ng kanyang mga kasama (2020) ang kanilang natuklasan na walang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa isang paaralan sa Subic, Zambales, sa asignaturang Economics sa una at ikalawang kwarter ng taong panuruan 2020-2021.

KONGKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng mga respondente na may angkop na gulang upang mapabilang sa Grade 10 kung saan mas maraming mag-aaral na babae kaysa sa mga lalake. Napakapositibo naman ang naging tugon ng mga mag-aaral tungkol sa pagtuturong modyular sa apat na dimensyon, lalung-lalo na sa dimensyon para sa “Gabay sa Pagkatuto” at “Pagtataya at Feedback.” Subalit, sila ay di nagpamalas ng sapat na interes sa pagkatuto sa modyular na paraan dahil sila ay nakakuha ng napakababang akademik performans dahil di sapat ang kanilang kakayahan upang unawain ang mga nilalaman ng module sa Filipino 10. Ang gulang at kasarian ng mga mag-aaral at ang kanilang persepsyon sa kahusayan ng modyular na pagtuturo ay walang naidulot na impluwensiya sa kanilang akademik performans. Magkasintulad ang persepsyon ng mga lalake at babaeng mag-aaral tungkol sa kahusayan

ng modyular na paraan ng pagtuturo sa apat na dimensyon. Hindi rin nagkarron ng makabuluhang pagkakaiba ang akademik performans ng mga lalake at babaeng respondente sa una at ikalawang pagtatataya sa Filipino 10. Napakalinaw intindihin na kailangang tugunan ng mga guro ang pagsasagawa ng mausisang pagrebyu at kontekstuwalisasyon sa nilalaman ng mga modules, kalakip na rito ang mga gabay sa pagtuturo, pagkatuto, at pagtataya at feedback upang mapaunlad ang kakayahang matuto at maiangat ang antas ng akademik performans ng mga mag-aaral sa Filipino 10.

REKOMENDASYON

1. Rekomendasyon Para sa mga Guro sa Filipino 10

Magsagawa ng igihang pagsusuri sa mga nilalaman ng module upang mas madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang bawat paksa o aralin sa Filipino 10. Ugaliing magsagawa ng angkop na kontekstuwalisasyon tungkol sa nilalaman ng module, gabay sa pagtuturo, gabay sa pagkatuto, at pagtataya at feedback. Magbigay ng karagdagang mga halimbawa sa bawat module upang mas maunawaan ng bawat mag-aaral ang mga aralin nang sa gayon mas madaling pagyamanin ang kanilang kakayahang pampagkatuto. Sa huli, maaring gamitin ng mga guro sa Filipino 10 ang kaparaanang pampagpabuti na dinebelop ng mananaliksik dahil ito ay hango sa mga makabuluhang natuklasan mula sa kasalukuyang pag-aaral.

2. Mga Rekomendasyon para sa mga Tagapamahala ng Paaralan at *District Coordinator* sa Filipino

Makipagsangguni sa mga guro sa Filipino 10 sa pagbuo ng mga proseso o modelo sa pagpapaunlad ng instruksyon sa modyular na pagtuturo. Ang nadebelop na *"Instructional Plan"* ay maaaring imungkahi sa Tanggapan ng *Schools Division Academic Coordinator* sa Filipino upang masuri at mapakikinabangan ng pampublikong sekondaryang paaralan ng *Bohol Division*.

SANGGUNANG BANGGIT

Aksan, J. A. (2021). Effect of modular distance learning approach to academic performance in Mathematics of students in Mindanao State University Sulu Senior High School amidst Covid-19 pandemic. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3qq0lzS> (huling na-access noong ika-10 ng Nobyembre 2021).

Anderson, S. (2020). How to significantly improve your academic performance. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3n3Er3h> (huling na-access noong ika-09 ng Nobyembre 2021).

- Bell, M. J. (2018). Define academic performance. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3D8MSzS> (huling na-access noong ika-09 ng Nobyembre 2021).
- Betlen, E. A. (2021). Effect of modular learning approach on the academic achievements of students. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3C5Y1jy> (huling na-access noong ika-10 ng Nobyembre 2021).
- Boise State University (2013). A primer on course design. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3qldSsn> (huling na-access noong ika-07 ng Nobyembre 2021).
- Bornt, D. (2011). Moore's theory of transactional distance. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3cgxYf8> (huling na-access noong ika-04 ng Nobyembre 2021).
- Capinding, A. T. (2021). Academic performance among minority students in Dingalan National High School. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/30nvvgc> (huling na-access noong ika-11 ng Nobyembre 2021).
- Championz, L. (2018). Impact of age on the academic performance of students. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3CiUChD> (huling na-access noong ika-11 ng Nobyembre 2021).
- Kaufman, T. (2020). 4 best practices for distance learning to support students who learn and think differently. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3bVfuAS> (huling na-access noong ika-09 ng Nobyembre 2021).
- McLeod, S. (2020). Piaget's stages of cognitive development. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3cbpOEU> (huling na-access noong ika-04 ng Nobyembre 2021).
- Mejia-Rodriguez, A. M., Luyten, H., at Meelissen, M. R. M. (2020). Gender differences in Mathematics self-concept across the world: An exploration of student and parent data of TIMSS 2015. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3cf3JVV> (huling na-access noong ika-11 ng Nobyembre 2021).
- Ramos, E. S., De Guzman, M. F. D., at Rico, F. M. (2021). Utilization of self-learning module in the new normal and academic achievement in Economics of students in public secondary schools. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3wAS39h> (huling na-access noong ika-10 ng Nobyembre 2021).

- Regier, J. (2011). Why is academic success important? Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3H8sPEj> (huling na-access noong ika-09 ng Nobyembre 2021).
- Rodriguez, S., Regueiro, B., Pineiro, I., Estevez, I., at Valle, A. (2020). Gender differences in Mathematics motivation: Differential effects on performance in primary education. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3F12LnQ> (huling na-access noong ika-11 ng Nobyembre 2021).
- Shibli, D., at West, R. (2018). Cognitive load theory and its application in the classroom. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3qAKtux> (huling na-access noong ika-04 ng Nobyembre 2021).
- Torres, C. (2020). What is a teacher's role in "the new normal"? Nakuha mula sa: <https://bit.ly/3oe30tU> (huling na-access noong ika-07 ng Nobyembre 2021).
- Victoria State Government (2019). Feedback and reporting. Nakuha mula sa: <https://bit.ly/31Tt1Y1> (huling na-access noong ika-09 ng Nobyembre 2021).